

ADA – Paunawa Sa Ilalim Ng Batas Para Sa Mga Amerikanong May Kapansanan

Mga Patakaran at Pamamaraan

Paunawa Sa Ilalim Ng Mga Batas Para Sa Mga Amerikanong May Kapansanan

Alinsunod sa mga kinakailangan ng titulo II ng Batas para sa mga Amerikanong may Kapansanan ng 1990 ("ADA"), ang Kagawaran ng Pampublikong Serbisyong Panlipunan ay hindi magtatangi laban sa mga karapat-dapat na indibidwal na may kapansanan sa batayan ng kapansanan sa kanyang serbisyo, programa, o mga gawain.

Epektibong Komunikasyon: Ang Kagawaran ng Pampublikong Serbisyong Panlipunan ay kapag hinilingan, ay magbibigay ng naaangkop na tulong at serbisyo na humahantong sa epektibong komunikasyon para sa mga karapat-dapat na mga taong may kapansanan upang sila ay pantay na makalahok sa mga programa, mga serbisyo, at mga gawain ng Kagawaran ng Pampublikong Serbisyong Panlipunan, kabilang ang mga kwalipikadong tagapagsalin sa sign language, mga dokumento sa malalaking titik, at iba pang mga paraan ng paggawa ng impormasyon at komunikasyon na magagamit ng mga tao na may kapansanan sa pagsasalita, pakikinig, o pagtingin.

Pagbabago sa Patakaran at Pamamaraan: Ang Kagawaran ng Pampublikong Serbisyong Panlipunan ay gagawa ng lahat ng makatwirang pagbabago sa mga patakaran at programa upang matiyak na ang mga taong may kapansanan ay may pantay na pagkakataon upang tamasahin ang lahat ng kanyang mga programa, mga serbisyo, at mga gawain. Halimbawa, ang mga indibidwal na may mga nagseserbisyong hayop ay tinatanggap sa mga opisina ng Kagawaran ng Pampublikong Serbisyong Panlipunan, kahit na kung saan ang mga alagang hayop sa pangkalahatan ay ipinagbabawal.

Sinuman na nangangailangan ng karagdagang tulong o serbisyo para sa epektibong komunikasyon, o isang pagbabago ng patakaran o pamamaraan upang lumahok sa isang programa, serbisyo, o mga aktibidad ng Kagawaran ng Pampublikong Serbisyong Panlipunan, ay dapat na makipag-ugnayan sa Hotline ng ADA sa (844) 586-5550 sa lalong madaling panahon, ngunit hindi lalampas sa 48 oras bago ang nakatakdang kaganapan.

Hindi inatasan ng ADA ang Kagawaran ng Pampublikong Serbisyong Panlipunan na gumawa ng anumang aksiyon na magbabago ng katangian ng kanyang mga programa o mga serbisyo, o magpataw ng isang hindi tumpak na pasaning pampinansiyal o pamamahala.

Ang mga reklamo na ang isang programa, serbisyo, o gawain ng Kagawaran ng Pampublikong Serbisyong Panlipunan ay hindi makuha ng mga taong may kapansanan ay dapat na itawag sa Hotline ng ADA sa (844) 586-5550.

Ang Kagawaran ng Pamublikong Serbisyong Panlipunan ay hindi maniningil sa isang partikular na indibidwal na may kapansanan o alinmang pangkat ng mga indibidwal na may kapansanan upang masakop ang mga gastos ng pagbibigay ng mga karagdagang tulong/serbisyo o makatwirang pagbabago ng patakaran, tulad ng pagkuha ng mga bagay mula sa mga lokasyon na bukas sa publiko ngunit hindi magamit ng mga tao na gumagamit ng wheelchair.

Pamamaraan sa Karaingan

Ang Pamamaraan sa Karaingang ito ay itinatag upang matugunan ang mga pangangailangan sa Batas ng mga Amerikanong may Kapansanan ng 1990 ("ADA"). Ito ay maaaring gamitin ng sinuman na nagnanais na maghain ng reklamo na nagbibintang ng diskriminasyon batay sa kapansanan sa pagkakaloob ng mga serbisyo, mga gawain, programa, o mga benepisyo sa pamamagitan ng Kagawaran ng Pamublikong Serbisyong Panlipunan. Sumasaklaw sa Patakaran ng mga Tauhan ng County ang reklamo na may kaugnayan sa trabaho ng diskriminasyon sa may kapansanan.

Ang reklamo ay dapat na naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga di-umano'y diskriminasyon tulad ng pangalan, tirahan, numero ng telepono ng nagrereklamo at lokasyon, petsa, at paglalarawan ng problema. Ang alternatibong paraan ng pagrereklamo, tulad ng harapang pakikipanayam o isang tape recording ng reklamo, ay ihahanda para magamit para sa mga taong may kapansanan kapag hiniling.

Ang reklamo ay dapat isumite ng nagrereklamong partido at/o ng kanyang kinatawan sa lalong madaling panahon ngunit hindi lalampas ng 180 araw ng kalendaryo pagkaraan ng di-umano'y paglabag sa:

Civil Rights Section
12860 Crossroads Parkway South
City of Industry, CA 91746

Ang lahat ng nakasulat na reklamo na natanggap ng Seksiyon ng Karapatan Bilang Mamamayan (Civil Rights Section), mga apila sa Seksiyon ng Karapatan Bilang Mamamayan Ng May Kapansanan ng Tanggapan ng Puno ng Tagapamahala (Chief Executive Office Disability Civil Rights Section), at ang mga sagot mula sa dalawang tanggapaning ito ay pananatilihin ng Kagawaran ng Pamublikong Serbisyong Panlipunan ng hindi bababa sa tatlong taon.